Para sa mga 3rd Year Junior High School Students, mga 3rd Year Students sa Junior High School Division ng Special Support School, gayundin ang kanilang mga magulang at tagapag-alaga

Hulyo 2026

Tungkol sa paghahanda ng mga gadget na gagamitin sa pag-aaral (tulad ng PC at Tablet)

Ang mga mag-aaral na papasok sa Nagoya Municipal High Schools at sa Senior High School Division ng Special Needs School simula sa taong akademiko 2027 ay kinakailangang maghanda ng sarili nilang gadget gagamitin sa pag-aaral.

Sa kasalukuyang lipunang digital, inaasahang mapaunlad ng mga bata ang kakayahang aktibong gamitin ang mga gadget bilang instrumento sa pag-aaral, nang may sariling pagkukusa.

Sa ganitong kaligiran, ang mga mag-aaral na papasok simula sa taong 2027 (Reiwa 9) ay kinakailangang maghanda ng sarili nilang mga gadget para sa pag-aaral.

Sa Lungsod ng Nagoya, ang mga gadget sa pag-aaral ay itinuturing na “instrumento sa pagdidisenyo ng sariling pagkatuto” at itinataguyod ang aktibo at may sariling pagkukusang pagkatuto.

Sa pamamagitan ng patuloy na paggamit ng mga mag-aaral ng kanilang sariling gadget, inaasahang maiipon ang mga tala ng kanilang pag-aaral, na makakatulong sa pagkakaroon nila ng mas malalim na pag-unawa at magbigay-daan sa masusing pagsasaliksik at pagtuklas sa kanilang pag-aaral.

Upang magawa ng bawat bata na disenyuhin ang sariling pagkatuto at mag-aral sa isang maagap at nakabatay sa pagsisiyasat, ang Lungsod ng Nagoya ay magbibigay ng angkop na suporta.

Hinihingi po namin ang inyong pag-unawa at kooperasyon.

Paano Gamitin ang mga Kagamitang Pampag-aaral

Pagkatutong naka-optimize para sa indibidwal

Maaaring iayon ng mga mag-aaral ang kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng paggamit ng mga tampok tulad ng screen magnification at on-screen annotation. Posible ring mag-install ng mga app na angkop sa mga indibidwal na pangangailangan, na nagbibigay-daan sa tuluy-tuloy na pagkatuto sa pagitan ng paaralan at tahanan.



Kolaboratibong pagkatuto

Gumagamit ang mga mag-aaral ng software na sumusuporta sa pagkatuto upang magbahagi ng mga ideya at isaayos ang kanilang mga iniisip, na nagpapalalim ng kanilang pag-unawa sa pamamagitan ng talakayan habang umuunlad sila sa kanilang pag-aaral. Posible rin na sama-samang mag-edit at lumikha ng mga materyales at proyekto.



Pagkatutong nakabatay sa pagtatanong

Maaari itong gamitin para sa *inquiry-based learning*—kung saan ang mga hamon ay tinutugunan sa pamamagitan ng *trial and error*—tulad ng pagsasagawa ng pananaliksik at pagsusuri gamit ang internet at pagpapalalim ng pag-iisip sa tulong ng AI.




iba pa

Ang mga guro ang namamahagi ng mga kagamitang panturo at mga takdang-aralin, habang ang mga mag-aaral ay lumilikha, nag-eedit, at nagsusumite ng mga dokumento gamit ang kanilang mga kagamitan sa pag-aaral. Ang mga komunikasyon sa paaralan ay pinangangasiwaan din sa pamamagitan ng mga kagamitang ito.



Mga inaasahang epekto



Q1 Bakit kailangang ihanda ang sariling gadget?

A1 Kung ang gadget ay sariling pag-aari, maaaring i-install ang mga kinakailangang app. Bukod dito, magagamit ang gadget ayon sa sariling interes at mga paksang nakasanayan.

Q2 Kailangan ba talagang bumili ng bago?

A2 Hindi. Maaaring gamitin ang kasalukuyang gadget kung ito ay pumapasa sa mga kondisyong itinakda ng paaralan. Ang mga pamantayan na ito ay itinakda ng bawat paaralan at departamento. Ang karagdagang detalye ay iaanunsyo sa takdang panahon sa website ng Nagoya City. Bukod dito, nagpaplano rin ang Lungsod ng Nagoya na maglunsad ng isang nakalaang website para sa pagbili ng mga gadget.

Q3 Magkano ang halaga ng gadget?

A3 Kasalukuyan pa itong pinag-aaralan. Ibibigay ang abiso ng mga detalye sa website ng Lungsod ng Nagoya sa oras na ito ay mapagpasyahan.

Q4 Mayroon bang subsidy o tulong pinansyal para sa pagbili ng gadget?

A4 Pinag-aaralan sa kasalukuyan ang suporta para sa mga pamilyang ang kita o kita ng sambahayan ay mababa sa itinakdang pamantayan.

Q5 Kailan dapat na maihanda ang gadget?

A5 Nakaplano na simulan ang paggamit ng gadget sa Mayo 2027 (akademikong taon ng Reiwa 9). Mangyaring ihanda ito bago sumapit ang buwang iyon. Kung bibili sa pamamagitan ng website ng bentahan na ihahanda ng Lungsod ng Nagoya, narito ang nakalaang iskedyul:

Kalagitnaan hanggang huling linggo ng Marso 2027	Abril hanggang Mayo 2027	Mayo 2027
・Ipapaliwanag ang paraan ng pagbili at sistema ng tulong pinansyal sa orientation ng mga pumasa ・Magsisimula ang bentahan sa opisyal na website	・Idedeliber ang mga biniling gadget ※Ipapadala ito nang direkta sa bawat tahanan	・Magsisimula ang opisyal na paggamit ng gadget sa bawat paaralan

Q6 Ano ang mangyayari kung sakaling masira o magkaroon ng problema ang gadget?

A6 Sa pangkalahatan, kayo po ang kailangang gumawa ng paraan o mag-aasikaso nito. Gayunpaman, ang mga gadget na ibebenta sa opisyal na website ay nakaplan na warranty na sumasaklaw sa buong panahon ng pag-aaral ng estudyante sa paaralan.

Q7 Ano ang sitwasyon para sa koneksyon sa internet?

A7 Sa loob ng paaralan, maaaring gamitin ang Wi-Fi ng lungsod. Gayunpaman, ang babayarang internet fee kapag gamit sa loob ng bahay o sa ibang lugar ay babalikatin ng bawat pamilya.

Ang mga susunod na anunsyo at impormasyon para sa mga katanungan ay maaaring tingnan sa sumusunod na URL

URL：https://www.city.nagoya.jp/kodomo/schools/1016783/1016794/1051184.html

Nagoya City Board of Education, Departamento ng Edukasyon sa Mataas na Paaralan / Departamento ng Edukasyon para sa May Espesyal na Pangangailangan